# Tekniko sa Paggawa ng Sheet Metal

Isang uri ng trabaho na gumagawa ng sheet metal para sa bubong, pader at alulod ng tubig-ulan at pagkakabit nito sa itinatayong gusali o bahay.

## Gawain ng Tekniko sa Paggawa ng Sheet Metal

### Benepisyo ng trabaho

Mararamdaman mo ang kasiyahan kapag natapos ang itinatayong gusali o bahay.
Kapag nakilala ang kahusayan at maraming proyekto ang natanggap, tumataas din ang kagustuhan na magpursige sa trabaho.
Maaari rin ipaubaya sa iyo ang proyekto sa mga banal na lugar, templo at pasilidad na tinaguriang mahalaga sa kultura.
Lumilikha ng mga bagay na nakatayo pa rin makalipas ang 100 o 1000 taon. Trabaho na mag-iiwan ng alaala para sa mga susunod na mga henerasyon.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga mahilig lumikha ng bagay at matiyaga sa trabaho.
Hindi takot sa matataas na lugar.

### Para maging tekniko ng paggawa ng sheet metal

Pumasok sa kumpanya na gumagawa ng mga sheet metal at unti-unti mong matutunan ang kakayahan habang nagtatrabaho.
Maaaring mag-aral at matutunan ang kaalaman sa konstruksiyon at teknikal na kakayahan sa mga "Paaralan ng Teknikal na Kaalaman sa Shizuoka" na sama-samang pinangangasiwaan ng mga kumpanyang pinaglilingkuran.



Dulo ng balbosa sa bubong na tinakpan ng piraso ng tanso



Ang panlabas na pader ng bahay ay trabaho rin ng tekniko sa sheet metal.

## Panayam kay Ginoong Hajime Matsuura, Tagapangulo ng Shizuoka Bankin Kōgyō Kumiai



### Kaya ba ito ng isang hindi magaling ang kamay?

Mainam kung magaling ang kamay ngunit mas bagay ang trabaho sa mga matiyaga at mabusisi sa trabaho. Habang tumatagal sa trabaho, makakakuha ng teknikal na kaalaman.

### Makakapagtrabaho ba kahit walang sertipikasyon?

Hindi kinakailangan ang sertipikasyon habang nagsisimula pa lamang sa trabaho. Habang nag-iipon ng karanasan sa trabaho, maaaring makakuha ng sertipikasyon bilang "Tekniko sa Paggawa ng Sheet Metal" na kailangan sa mga pampublikong proyekto.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Tingnan nang mabuti ang mga bubong nga mga gusali at bahay sa iyong paligid at pansinin ang materyales na ginamit dito.

Bakit kaya ganyan ang hugis nila. Nakakatuwa kung magkaroon ka ng interes sa kultura ng Hapon.

### Message

Hindi mawawalan ng trabaho sa paggawa ng sheet metal hangga't kailangan ang bubong. Ang mga taong magtatagal sa trabahong ito ay aming tatanggapin at tuturuan ano pa man ang kanilang nasyonalidad. Tatagal ng 6 na taon na pagsasanay bago maging isang ganap na bihasa sa trabaho. Tataas din ang kinikitang pera at ipapaubaya ang mga malalaking proyekto.
Aming malugod na tatanggapin ang mga taong handang magsikap.

Kapag interesado sa trabahong ito → Telepono

Shizuoka Bankin Kōgyō Kumiai

Tel 054-252-2418